Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 27 NG DISYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .................................... Pang. Punong Bayan
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .................................... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .................................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .................................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison .................................... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon .................................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .................................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca .................................... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .................................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .................................... Kagawad

DI-DUMALO

Kgg. Angelito U. Limjuco .................................... Kagawad

*KAPASIYAHAN BLG. 385-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 13-T'2000 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA NAGLILIWAT NG HALAGANG LIMANDAANG LIBONG PISO (P500,000.00) MULA SA PONDO NG PROYEKTONG "ACQUISITION / INSTALLATION OF FIRE HYDRANTS NG 20% DEVELOPMENT FUND UPANG MAGAMIT PROYEKTONG COMPREHENSIVE SOLID WASTE MANAGEMENT".*

*SAPAGKA'T*, sa pagtalakay ng sangguniang ito sa Kapasiyahan Blg. 13-T'2000 ng Municipal Development Council ay napag-alaman ang kahalagahan ng pagliliwat ng pondong nakalaan sa acquisition/installation of fire hydrants tungo sa Programang Comprehensive Solid Waste Management upang matugunan ang kakulangan sa pagbabayad ng upa sa lupang pinagtatapunan ng basura sa Brgy. Palasan gayundin ang iba pang gastusin sa pagmimintina ng mga sasakyang tulad ng dumptrucks, garbage compactors, payloader at backhoe na ginagamit sa programang pangkalinisan , pangkalusugan at pangkaayusan ng bayang ito;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Louie C. de Leon at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 13-T'2000 ng Municipal Development council na nagliliwat ng halagang P500,000.00 mula sa pondo ng proyektong "Acquisition/Installation of Fire Hydrants ng 20% development fund upang magamit sa proyektong Comprehensive Solid Waste Management".

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Inhinyero at Local Development Council, bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN